

ANO ANG SEKSWAL NA PANLILIGALIG SA PABAHAY?

Isang hindi kanais-nais na sekswal na paggawi ng isang provider ng pabahay sa tagapag-upa o aplikante batay sa kanilang sekso ang sekswal na panliligalig sa pabahay. Kinabibilangan ng mga may-ari ng ari-arian, mga may-ari ng lupa, mga tagapamahala ng ari-arian, mga broker ng mortgage, mga ahente ng bahay at lupa, mga manggagawa sa pagpapanatili, mga kawani ng awtoridad sa pabahay, mga empleyado ng kumpanya ng pamamahala at iba pa ang halimbawa ng mga provider ng pabahay.

Nagbibigay-daan ang mga makatarungang batas sa pabahay sa mga tao na humiling ng mga ligal na remedyo kung nandiskrimina ang isang provider ng pabahay sa batayan ng isang partikular na protektadong mga kategorya. Kabilang sa mga iyon ang lahi, kulay, relihyon, bansang pinagmulan, sekso (kasarian o sekswal na oryentasyon), katayuan ng pamilya (mga pamilyang may mga anak na wala pang 18 taong gulang o ang mga may inaasahang mga anak), disabilidad at iba pa.

MGA HALIMBAWA NG SEKSWAL NA PANLILIGALIG SA PABAHAY?

Mayroong dalawang pangunahing uri ng sekswal na pangliligalig sa pabahay, at parehong napakasama ang mga ito: quid pro quo at hindi kaayaayang kapaligiran.

Quid Pro Quo (Isang Bagay Bilang Kapital)

Humihiling ang isang provider ng pabahay ng sekswal na pabor kapalit ng benepisyo sa pabahay. Sapat na ang isang pangyayari para labagin ang batas.

Mga Halimbawa:

- Nag-alok ang aking may-ari ng lupa na diskwentuhan ang upa ko kung makikipagtalik ako sa kanila.
- Sinabi ng trabahador ng pagpapanatili na aayusin nila ang lababo ko sa lalong madaling panahon kung makikipagdeyt ako sa kanila.
- Aaprubahan lang ng tagapamahala ng apartment ang aplikasyon ko kung makikipagtalik ako sa kanila.

Hindi Kaayaayang Kapaligiran

Hindi kanais-nais na sekswal na paggawi na nakakasagabal sa abilidad mong makakuha o ma-enjoy ang pabahay mo. Dapat malubha at laganap ang panliligalig. Maaaring maging sapat ang isang malubhang insidente para labagin ang batas, ngunit maaari ding labagin ang batas ng isang nagaganap na huwaran ng mga insidente.

Mga Halimbawa:

- Sinubukan ng aking tagapamahala ng ari-arian na hipuan ako noong pumunta ako para bayaran ang upa ko.
- Palaging humihiling ang guwardiya sa front desk para makakita ng mga nakahubad na larawan ko.
- Nagkomento ang trabahador ng kaso ng awtoridad ng pabahay ko tungkol sa aking katawan.
- Palaging nagpapadala ang isang ahente ng bahay at lupa sa akin ng mga malaswang biro at larawan kahit na hiniling kong itigil nila.



MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Kung sa palagay mo o isang taong kilala mo ay maaaring naging biktima ng sekswal na pangliligalig sa pabahay, maaaring makatulong ang Proyekto ng Makatarungang Pabahay. Ikkonekta ka namin sa tanggapan ng Paraan sa Pagpapaupa ng Pribadong Sektor (Private Sector Leasing Scheme, PSLS) na nagsisilbi sa county kung saan ka nakatira.

855-FHP-PSLS (347-7757)
pslegal.org/fairhousing



PAGPOPONDO

Sinuportahan ng pagpopondo na ipinagkaloob kasama ang Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod (Department of Housing and Urban Development) ng U.S. ang gawain na naging batayan ng publikasyong ito. Inihahandog sa publiko ang nilalaman at mga natuklasan ng gawaing ito. Tanging ang may-akda at tagapaglathala lang ang may responsibilidad sa katumpakan ng mga pahayag at interpretasyon na nakapaloob sa publikasyong ito. Hindi nangangahulugan na sinasalaming ng mga interpretasyong ito ang mga pananaw ng Pederal na Pamahalaan.

Tumatanggap ang Proyekto ng Makatarungang Pabahay ng espesyal na pondo para pagsilbihan ang mga tao sa mga County ng Boone, Lake, McHenry Peoria, Tazewell at Winnebago; ang Lungsod ng Bloomington at ang Bayan ng Normal.



Upang suportahan ang aming gawain, bisitahin ang pslegal.org/donate.

Maghanap ng mga legal na mapagkukunan at mag-apply para sa tulong sa Illinois Legal Aid Online. Bisitahin ang illinoislegalaid.org o i-scan ang code.



**PRAIRIE STATE
LEGAL SERVICES**

Administrative Office
303 North Main Street
Suite 600
Rockford, IL 61101
815-965-2134
info@pslegal.org
pslegal.org



Iginagalang namin ang mga karapatan sa pagkapribado ng aming mga kliyente. Hindi kami nandidiskrimina batay sa lahi, etnisidad, kulay, relihiyon, kasarian, pagkakakilanlang kasarian, pagpapahayag ng kasarian, o pagpapakita ng kasarian, sekswal na oryentasyon, bansang pinagmulan, genetika, kapansanan, edad, o anumang katayuang pinoprotektahan ng batas.